CHRISTIAN MINISTRIES, INC.
**HOPE IN THE WORD CHRISTIAN MINISTRIES ANTIPOLO, INC.**
S.E.C. No. A200116702
#22 M. Santos St., Brgy. San Roque, Antipolo City 1870, Rizal
Telefax: (02) 8692-0709 * Email Address: hwcmi.antipolo@yahoo.com

# STATEMENT OF FAITH

1. The Bible is our all-sufficient rule of faith and practice. It is the inspired Word of God, a revelation from God to man, the infallible rule of faith and conduct and is superior to conscience and reason, but not contrary to reasons (2 Timothy 3:15, 16, 1 Pet. 2:3).
*Ang Biblia ay sapat na tuntunin o patakaran para sa ating pananampalataya at gawain. Ito ay binigyang buhay na Salita ng Diyos, ang kapahayagang mula sa Diyos para sa tao, ang walang pagkakamaling tuntunin ng pananampalataya, pamumuno at mas mataas kaysa budhi at pangangatwiran, ngunit hindi salungat sa pangangatwiran. (2 Tim. 3:15; 1 Pedro 2:3)*

2. There is Only One True God, eternally existing in Three Persons: Father, Son and Holy Spirit (Deut. 6:4; Matt. 28:10)
*Mayroon lamang totoo at iisang Diyos, nabubuhay na walang hanggan sa Tatlong Persona o Katauhan, Ang Ama, Ang Anak, at Ang Espiritu Santo. (Deut. 6:4; Mateo 28:10)*
   a. God the Father, Eternal (Psalm 90:2), Unchangeable (Js. 1:17), Creator of heaven and earth (Gen. 1:11), the Only True God (Is.45:21), All Powerful (Luke 1:37), Sovereign over His creation (Eph. 1:10), Holy (Psalm 145:17), Just and Loving (1 John 4:7, 8), Knowing all things (Psalm 139:1-6); Mt. 10:29)
   and Worthy of our worship (John 4:23, 24; Rev. 4:11)
   ***Diyos Ama,** walang pinagmulan at walang hanggan (Awit 90:2), hindi nagbabago (Santiago 1:17), Manlilikha ng langit at lupa (Gen. 1:11), Ang tanging tunay na Diyos (Isa. 45:21), makapangyarihan sa lahat (Lucas 1:37), mas mataas kaysa Kanyang mga nilikha (Efeso 1:10), Banal (Awit 145:17), makaturangan at mapagmahal (1 Juan 4:7), 8), Nakaaalam ng lahat ng bagay (Awit 130:1-6; Mateo 10:29) at karapat-dapat sa ating pagsamba (Juan 4:23, 24; Pahayag 4:11)*

   b. Jesus Christ, the Son of God, co-Creator and Sustainer of the Universe (John 1:3; Phils. 2:7), was conceived of the Holy Spirit and born a virgin Mary (Mt. 1:16), was crucified, buried and rose on the third day (1 Cor. 15:1-3), and who is today seated with the Father in glory (Eph. 1:20-21).
   *Si **Jesu-Cristo** ang Anak ng Diyos, Kamanlilikha at Kasang-ayon sa paglalang ng sansinukob o sandaigdigan (Juan 1:3; Filipos2:7), Ipinaglihi sa pamamagitan ng Banalm na Espiritu at ipinanganak ng isang Birhen na ang ngala'y Maria (Mateo 1:6), napako sa krus, inilibing ngunit pagkaraan ng tatlong araw ay muling nabuhay (1 Cor.15:1-3) at naluklok ngayon sa kanan ng Diyos sa kanyang Kaluwalhatian (Efeso 1:20,21)*

   c. Holy Spirit, the Third Person of the Trinity (Mt. 28:19), Who is one with the Father (Acts 5:3, 4), with the Son (Rom. 8:9, 10). Who was sent by the Father to reprove the world of sin, of righteousness and of judgment, to give new life to those who receive Christ, to guide them individually and collectively into all truth, and to reveal things of Christ, to

them (John 26:13, 14), to give them victory over sin and enable them to bear an effective witness.
*Ang **Banal na Espiritu** ang ikatlong Persona (Mateo 28:19), Siya ay kaisa ng Amaa (Gawa 5:3,4), kaisa ng Anak (Rma 4:9,20), isinugo ng Ama upang usigin ang mga tao sa kanilang kasalanan, katuwiran at sa paghatol, upang magbigay ng bagong buhay sa sinumang tatanggap kay Crvisto (Tito 3:5), upang magbigay ng gabay sa bawat isa sa buong katotohanan at upang ihayag ang mga bagay tingkol kay Cristo (Juan 16:13,14), upang bigyan sila ng tagumpay sa kasalanan at upang bigyang kakayahang makapamuhay ng may kabanalan (Roma 8:13-16), at upang sila'y palakasin para sa mabisang nagpapatotoo para kay Cristo.*

3. Man was created good and upright as evidenced by what God said: "Let us make man in our image, after our likeness". But man by voluntary transgression fell and his only hope of our redemption is through the shed blood of our Lord Jesus Christ, the Son of God. (Gen. 1:26-31; Gen. 3:3-7; Rom. 5:12:21).
   *Ang **tao** ay nilikha na mabuti at matuwid sapagkat sinabi ng Diyos "Lalangin natin ang tao ayon a ating larawan, ayon sa ating wangis." Ngunit nabigo ang tao dahil sa kanyang kusang loob na pagsuway at ang tanging pag-asa niya sa katubusan ay sa pamamagitan ng pagtigis ng Banal na dugo n gating Panginoong Jesu-Cristo, ang anak ng Diyos (Gen. 1:26-31);3:3-7; Roma 5:12-21)*

4. Salvation is received through repentance toward God and faith in the Lord Jesus Christ. By the washing of regeneration and renewing of the Holy Spirit, being justified through faith man becomes heir of God according to the hope of eternal life. (Luke 24:47; John 3:3; Rom. 10:13-15; Eph. 2:8, Titus 3:5-7).
   *Ang **kaligtasan** ay matatanggap sa pamamagitan ng pagsisisi sa harapan ng Diyos at pananampalataya sa Panginoong Jesu-Cristo sa pamamagitan ng paglilinis at pagbabagong buhay dahil sa Banal na Espiritu, pinawalang sala sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang tao ay nagging tagapagmana ng Diyos ayon sa pag-asa sa buhay na walang hanggan. (Lucas 24:47; Juan 3:3; Roma 10:13-15; Efso 2:8; Tito 2:11, 3:5-7)*

5. The ordinances of baptism by immersion should be observed, as commanded in the Scriptures by all who have repented and in their own hearts have truly believed Christ as Savior and Lord. By observing this, they declare to the world that they have died with Christ and that they have also been raised with Him to walk in the newness of life (Mt. 28:29; Mark 16:16; Acts 10:47; Rom. 8:4).
   *Ang **kautusan sa pagbabautismo** (Ordinance ofBaptism)sa pamamagitan ng paglubog sa tubig ay kinakailangang isagawa sapagkat ito ay iniuutos ng Banal na Kasulatan sa lahat ng nagsisisi at tumatalikod sa kanilang mga kasalanan at ang kanilang puso ay nilinis na ang Banal na dugo ng ating Panginoong Jesu-Cristo bilang panloob na paglilinis. Sa gayon inihahayag nila sa buong mundo na sila ay namatay ng kasama ni Cristo at sila'y nabuhay ding kasama Niya upang lumakad na may bagong buhay. (Mateo 28:19; marcos 16:16; Gawa 10:47, 48; Roma 6:4)*

6. The Lord's Supper, consisting of the elements – the bread and the fruit of the vine – signified that we share the divine nature of our Lord Jesus Christ (2 Pet. 1:4). It is a memorial of His suffering and death, and a prophecy of His Second Coming (1 Cor. 11:26) and is enjoined on all believers till He comes.
   *Ang **Banal na Hapunan ng Panginoon** (Lord's Supper) ito'y binubuo ng mga sangkap (elements) tinapay at katas ng ubas, sagisag ng kapahayagan ng ating pakikibahagi sa*

*Banal na kalikasan ng ating Panginoong Jesu-Cristo (2 Pedro 1:4), ang alaala ng Kanyang paghihirap at kamatayan at ang pahayag tungkol sa Kanyang muling pagbabalik (1 Cor. 11:26) ito'y tagubilin sa lahat ng lmga mananampalataya "hanggang sa Siya'y dumating."*

7. All Believers are entitled to and should ardently expect and earnestly seek the promise of the Father i.e., the Baptism of the Holy Spirit and *fire*, in accordance with the instructions of our Lord Jesus Christ. This was the normal experience of all in the early Christian church. With it comes the endowment of power for life and service, the bestowment of the gifts and their uses in the work of the ministry (Luke 24:49; Acts 1:8; 1 Cor. 12:1-3).
   ***Lahat ng mga mananampalataya** ay may karapatang tumanggap kaya kinakailangang maging marubdob ang pagnanais at paghahanap sa pangako ng Ama ang Bautismo sa Banal na Espiritu at apoy, ayon s autos n gating Panginoong Jesu-Cristo. Ito ang pangakaraniwang naranasan ng mga naunang mananampalatayang Cristiano. Dahil ditto tinanggap nila ang kapangyarihan para sa buhay paglilingkod, ang pagbabahagi ng kaloob na espirituwal at ang paggamit nito ay para sa gawain ng paglilingkod sa Panginoon. (Lucas 24:49; Gawa 1:8; 1 Cor. 12:1-13)*

8. Deliverance from sickness is provided for in the atonement and is the privileges of all believers (Isa. 53:4, 5; Mat. 8:16, 17; James 5:14-16).
   ***Ang paglaya sa sakit o karamdaman** ay ipinagkaloob bunga ng pagsisisi at ito ay karapatan ng lahat ng mananampalataya. (Isaias 53:45; Mateo 8:16, 17; Santiago 5:14-16; 1 Pedro 2:24)*

9. The Christian life can only be lived as Christ lives and reigns within the believer (Gal. 2:20; Col. 1:27, 28). The Holy Spirit enables the believer to live victorious life (Rom. 8:23), thus fulfilling God's command (1 Pet. 1:15) that the believer is not to conformed to the world (Rom. 12:2; 1 John 2:15), but is to glorify God in all things (1 Cor. 10:31; Col. 3:17), the believer, enable by the Holy Spirit, will be faithful witness of Christ (Acts 1:8).
   *Ang **Cristianong pamumuhay** ay mangyayari lamang kapag si Cristo na ang nabubuhay at naghahari sa bawat isang mananampalataya (Gal. 2:20; Col. 1:27, 28), pinalalakas ng Banal na Espiritu ang mga mananampalataya upang mabuhay na matagumpay (Roma 8:23) dahil dito nagaganap ang utos ng Diyos (2 Pedro 1:15) ang mananampalataya ay hindi na dapat umaayon sa takbo ng mundo. (Roma 12:2; 1 Juan 2:15) upang luwalhatiin ang Diyos sa lahat ng bagay (1 Corinto 10:31; Col. 3:17), ang mananampalataya'y pinalalakas sa pamamagitan ng Banal na Espiritu at nagiging matapat na nagpapatotoo tungkol kay Cristo. (Gawa 1:8)*

10. The resurrection of those who have fallen asleep in Christ, and their translation together with those alive and remaining unto the coming of the Lord is the "Blessed Hope" of the Church. And in that "Blessed Hope" the believers shall witness the personal visible and imminent return of our Lord and Savior Jesus Christ (John 14:3; Acts 1:11; 1 Cor. 15:15-57; 1 Thes. 5:1-5; Titus 2:13; 2 Pet. 3:10).
    *Ang **muling pagkabuhay** ng mga namatay na, dahil kay Cristo at ang pakikipag-isa ng mga nabubuhay pa sa muling pagparito ng Panginoon "pinagpalang Pag-asa" (Blessed Hope) ng Iglesia, at sa "Pinagpalang Pag-asa" lahat ng mga mananampalataya ay masasaksihan ang personal "visible pre-millenial" at ang nalalapit sa pagdating ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo (Juan 14:3; Gawa 1:11; 1 Corinto 15:51-57; 1 Tesalonica 5:1-5; Tito 2:13, 2 Pedro 3:10).*

11. We believe in the bodily resurrection of both the just and the unjust, eternal blessedness of the save and eternal punishment of the lost. (Mat. 7:13, 14; Mt. 25:34-41; John 5:24-29; Rev. 11:11-15).
*Pinaniniwalaan natin ang* ***muling pagkabuhay ng mga matuwid at mga makasalanan****, ang walang hanggang pagpapala ng mga naligtas at ng walang hanggang kaparusahan ng mga naligaw. (Mateo 7:13, 14; 25:34-41; Marcos 8:42-48; Juan 5:24; Pahayag 20:4-6; 11:11-15)*

12. The Universal Church of Jesus Christ is the body of believers the world over, divinely instituted, the body and the bride of Jesus Christ of which Christ Himself is the Head and the Bridegroom (Mt. 18:18-20; Eph. 1:4-6, 22, 23; Eph. 5:23-27; 2 Cor. 11:2). On the other hand, the local church is an organized body of believers in a given locality. We affirm the priesthood of individual believers as set forth in the Scriptures.
*Ang* ***pangkalahatang Iglesia*** *ng Panginoong Jesu-Cristo ay binubuo ng mga mananampalataya sa buong mundo, itinatag na may kabanalan at ang lahat ng mga mananampalataya ang pakakasalan mismo ng Panginoong Jesus na Siyang ulo ng Iglesia (Mateo 18:18-20; Efeso 1:4-6, 22-23; 4:11-14; 5:23-27; 2 Corinto 11:2) sa madaling sabi ang local na Iglesia ay isang nabuong katawan ng mga mananampalataya sa isang lugar, sa pagkasaserdote ng bawat mananampalataya na isinaayos ng Banal na Kasulatan (1 Corinto 11:23-30)*

01-10-15/05-18-16 mlv